AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 18

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Mga Hayop Lamang Tayo" na isinulat ni Rio Alma.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 18** |
|---|
| Book Title: Mga Hayop Lamang Tayo |
| Author: Rio Alma |
| Source: Buri Books |
| Hi! Si Teacher Robyn po ulit to para sa ating reading lesson! 🤓🧡📚 Sana na enjoy ninyo ang mga kuwento ni Teacher Hams sa dalawang nakaraang araw! ❤❤❤<br><br>Ngayon, babasahin natin ang tulang "Mga Hayop Lamang Tayo" 📜 mula sa librong "Buwan, Buwang, Bulawan 2" ni Ginoong Rio Alma 👨🏽🏫<br><br>Naalala pa ba natin ang unang tula ni Ginoong Rio Alma na nabasa natin? 🤔 Ang "Ngumiti sa Akin"? 👦🏽🐠<br><br>Tulad ng tulang iyon, ang tula natin para sa araw na ito ay 1️⃣ isang maikling kuwento, pero naiiba lamang ang porma, at 2️⃣ emosyonal at kailangan ng imahenasyon! ☺📜<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Pero bago tayo mag-umpisa, balikan natin ang ating mga promises! ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽 |

💬 **TALASALITAAN**
Alahanin rin natin ang mga susunod na salita na baka hindi pamilyar sa atin:

**(1) Kumara-kara**
**(2) Nakatanikalang (Tanikala)**
**(3) Matadero**

Umpisa na tayo!

--

📚 **MGA HAYOP LAMANG TAYO NI RIO ALMA**
*Bigkasin ang kada-linya* 📣

Pagkatitig sa iyo ng unggoy
At kumara-kara
Huwag kang magtaka
Kung pinagtatawanan pala
Ang nakitang sarili niya.

Takam na takam
Ang umaaligid na lamok;
Hindi mo maawat
Ang napipintong pagsalakay
Dahil nalalanghap nito
Ang paboritong lansa
Ng paborito mo ring karne.

At huwag kang makonsensiya.
Alam na ngayon ng nakatanikalang tigre
O ng baboy sa matadero
Na mga hayop lamang ang tao.

--

✏️ **GAWAIN**
🔎 Para sa unang activity, 🔙🔙🔙 tayo! Basahin muli ang tula!
Nabasa na ba natin ulit? Naibigkas ba natin ang kada-linya? 📣

🔎 Ano daw ang nakikita ng unggoy 🐵 pag tinitingnan niya tayo? 👦🏽

🔎 Ano daw ang paboritong lansa ng lamok? 🦟

🔎 May dalawang hayop sa ating tula na naka-steady lamang sa isang lugar. Sila ay? Ang 🐯 na nakikita natin sa zoo, at ang 🐷na nakikita natin sa babuyan.

🔎 Isipin natin na tayo ang sinasabing unggoy 🐵, lamok 🦟, at tigre 🐯 at baboy 🐷.

Sinasabi ng lahat ng mga animals na ito na mga hayop rin tayo. 👦🏽 Tayong mga tao ay animal rin. Bakit?

🔎 Sabi sa tula, tulad ng hayop, tayo ay natatawa 🐵, tayo ay nangangailangan ng pagkain 🦟, at tayo ay nangangailangan ng malulugaran 🐯🐷. Sa tingin mo ba totoo ito? Kung oo, may mabibigay ka pa ba ng iba pang pagkapareho natin sa mga animal?

If hindi, sa tingin mo, bakit hindi tayo tulad ng ibang hayop?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Kung may mabibigay si Teacher na katangian na magkatulad tayo sa mga animal, ito ay parehas tayong nakatira sa mundo. At lahat tayo na aapektuhan ng nangyayari sa mundo-- ano mang polusyon o pinsala ang meron ito.

Tulad ng sinabi ni Teacher kanina, ang tula ay emosyonal at kailangan ng imahenasyon! Pero ito rin ay isang maikling kuwento na mayroong tema o mayroon sinasabi ang manunulat.

Kung gagamitin natin ang iniisip ni Teacher na tema o mensahe ng tula, ano ang dapat natin gawin para sa mundo na ating pinagtitirhan kasama ang iba-ibang tao at hayop? 🌏 Kung tahanan natin ang mundo, lahat tayo, tao man, hayop, o halaman, pano kaya natin dapat itrinatrato ang isa't isa? 👦🏽🐒🌳

Yay! Natuklasan natin ang tema, emosyon, at imahensayon na kailangan ng isang tula! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.